

Form ng Kodigo ng Asal

Pangalan ng Kliyente: _____ I-swipe ang Numero ng Card (kung mayroon): _____

Welcome! Nagsagawa ka ng mahalagang hakbang patungo sa pagkamit ng iyong mga layunin sa pagtatrabaho at karera sa pamamagitan lang ng pagpunta rito. Habang narito ka, makakaasa ka sa isang ligtas, madaling ma-access at nagbibigay-suportang kapaligiran. Narito ang kawani upang tulungan ka at tiyaking positibo ang iyong karanasan. Inaasahan naming susundin mo ang mga panuntunan ng Center (Sentro) habang naghahanap ka ng trabaho. Mangyaring kumpirmahin ang iyong pag-unawa sa mga panuntunan sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba:

Pag-uugali sa Center

Magkakaroon ng limitadong privacy ang mga customer kapag gumagamit ng mga computer, fax machine at copier sa Center. Inaasahan ang mga customer na: kumilos sa paraang propesyonal habang nag-a-access ng mga serbisyo, gumamit ng mga pasilidad para sa mga aktibidad ng paghahanap ng trabaho, maging magalang sa ibang mga customer at kawani (Walang berbal o pisikal na pang-aabuso/pagbabanta), at ang paggamit ng droga at/o alak o pagiging "high" at/o lasing ay hindi kukunsintihin at hahantong sa agarang pagpapaalis sa lugar

Dapat maging mapagpasensya ang mga customer habang naghihintay na matulungan at dapat nilang hinaan ang boses sa pakikipag-usap. Kinakailangan ang pagsusuot ng mga naaangkop at katanggap-tanggap na damit, at pagiging malinis at maayos (hygiene) habang ginagamit ang center, at bawal ang kumain o uminom.

1. Mga Computer/Pag-print/Internet/Email

Limitado sa dalawang oras ang paggamit ng mga customer sa computer anumang oras upang bigyan ng access ang ibang mga customer. Dapat gamitin ang mga computer/Internet para lang sa paghahanap ng trabaho. Mahigpit na ipinagbabawal ang mga laro, chatroom, pornograpiya, pagse-surf sa net, pakikilahok sa on-line na pakikipag-date, pagpapalit sa mga setting ng program/system o pagda-download ng musika.

Maaari lang mag-access ang mga customer ng personal na email kung may kinalaman ito sa pagtatrabaho.

Hindi dapat i-charge ang mga laptop ng customer nang walang paunang pahintulot mula sa kawani ng Center. Dapat i-scan upang tiyaking walang virus ang lahat ng personal na disc bago gamitin. Hindi dapat mag-save ng mga file ang mga customer sa hard drive ng computer.

2. Pagkopya/Pag-print/Mga Fax

Ang mga serbisyo sa Pagkopya/Pag-print/Pag-fax ay gagamitin lang kung may kinalaman sa paghahanap ng trabaho. May limitasyon ang pagkopya, pag-print at pag-fax. Ang bawat kopyang gagawin, item na ipi-print o pahinang ifa-fax ay dapat maglaman ng impormasyong nauugnay sa paghahanap ng trabaho.

3. Mga Telepono at Cell phone

Maaari lang gumamit ang mga customer ng mga telepono para sa mga tawag sa telepono na may kinalaman sa paghahanap ng trabaho. May limitasyon ang paggamit ng telepono. WALANG mga papasok na tawag ang tatanggapin. Hindi pinahihintulutan ang paggamit ng cell phone sa Center.

4. Mga Banyo

Bawal manigarilyo sa Center o sa mga banyo. Hindi dapat manigarilyo ang mga customer sa mga banyo. Hindi pinapayagan ang pag-uugaling mapanira, masagwa, di-angkop o ilegal kapag ginagamit ang mga pasilidad.

5. Mga bata sa mga Center

Ang presensya ng mga bata sa Center ay hindi akma at nakakaabala sa mga naghahanap ng trabaho, employer, at kawani na nakatalaga sa lugar. Pananagutan ng mga magulang, tagapangalaga (guardian) o tagapagbigay-alaga (caretaker) ang mga bata, at inaasahan silang gumawa ng mga kasunduan sa ibang lugar para sa mga pangangailangan nilang magpaalaga ng bata bago gamitin ang mga serbisyo sa Center.

6. Mga personal na ari-arian

Pananagutan ng mga customer ang kanilang mga personal na ari-arian at dapat ay nababantayan nila ang mga ito sa lahat ng oras. Walang pananagutan ang Center para sa mga nawala o nanakaw na item. Wala dapat dalang anumang mas malaki kaysa sa isang karaniwang backpack ang mga customer sa Center. Ang mga customer na mahuling may dalang gamit na pagmamay-ari ng ibang tao ay iuulat sa mga naaangkop na awtoridad at agad na paaalisin

7. Karahasan /Mga Pagbabanta/Panggigipit o Pangha-harass/Pagnanakaw at Pagkasira

Hindi kukunsintihin ang karahasan o pagbabanta ng karahasan, kasama na ang mga "pabirong" banta. Ang mga customer na lalabag sa patakarang ito ay paaalisin sa Center sa loob ng hindi tiyak na panahon. Ang pagdadala ng anumang uri ng armas ay sapat na dahilan para sa agarang pagpapaalis sa center. Hindi dapat manggipit o mang-harass ang mga customer ng sinumang customer o kawani. Partikular dito, ang panggigipit o pangha-harass batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kasarian, katayuan sa pagiging beterano, katayuan sa pagpapakasal, sekswal na oryentasyon, kapansanan o medikal na kundisyon ay mahigpit na ipinagbabawal at hindi kukunsintihin. Maaaring humantong sa agarang pagpapaalis sa Center at pasilidad ang paglabag dito. Ang pagnanakaw o pagsira ng ari-arian sa Center o pasilidad ay iuulat sa mga naaangkop na awtoridad.

Sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba, pinatutunayan mong nabasa at nauunawaan ang kodigo ng asal. Maaaring humantong sa permenteng pagkakaalis ang paglabag sa kodigo ng asal.

Lagda ng Kliyente: _____

Petsa: _____ Nirebisa noong Agosto 23, 2016 OEWD/DW